



## Tumulong sa pagsugpo ng Maliit na Kuwitib o 'Little Fire Ant'!!

Ang maliit na kuwitib o 'little fire ant' ay isang uri ng langgam na kulay kahel na nagmula sa Gitna at Timog Amerika at tuluyang kumalat sa kalakhan ng Pasipiko. Una itong natuklasan sa Hawaiian Paradise Park sa Puna, isla ng Hawaii nuong 1999. Nasundan ito kamakailan lamang ng mga limampung (50) pananalanta na natala sa Silangang Hawai'i at tig-isang pananalanta pa rin sa isla ng Kaua'i at Maui.

Masakit at mahapdi ang dulot na kagat ng langgam na ito at mahalagang-mahalaga ang tulong ng mamayan sa pagsugpo nito para mapangalagaan ang kalusugan ng mga tao at ng kanilang mga alagang hayop gayun na din ang industriya sa pagsasaka at ang lukal na pangkabuhayan natin sa Hawaii.

### Bakit kinakailangang masugpo natin ang Maliit na Kuwitib?

Ang langgam na ito ay naninira sa mga bakuran at mga lupaing sinasaka. Kadalasan kung maraming-marami na sila ay lumilikas at lumilipat sila sa mga bahayan. Kung magkagayon, ang mga naninirahan dito sa simula ay makakaranas ng hapdi at sakit buhat sa kagat ng mga ito. Susundan ito ng pulang pamamantal ng balat kasama na ang matinding pangangati na maaring tumagal ng mahigit pa sa dalawang linggo. Kalimitan ang mga langgam ay mapapansin sa lupa, sa mga hardin at punong-kahoy, kung saan sila ay madaling mangalaglag o mahulog kapag ang mga halaman ay ginalaw o ginambala. Ang pagtanggap ng mga sanga, pag-aani ng mga prutas, o pagpitas ng mga bulaklak buhat sa mga puno sa mga lugar na pininsala ng langgam na ito ay maaaring maging dahilan ng pagdaluyong at pagdagsa ng marami pang mga langgam dito. Kung magkagayon, di biro ang maaring maging dulot na pinsala ng mga ito. Sa katunayan, ilang manggagawa sa isang taniman ng 'orchids' sa Silangang Hawai'i ang nagbitiw sa kanilang mga trabaho dahil sa kagat ng langgam na ito. Gayundin sa mga isla naman ng Galapagos sa Timog Amerika, ang mga manggagawa ay hindi makapag-ani ng kape sa taniman dahil sa kagat na dulot ng mga langgam na ito. Sa mga tao na may matinding reaksiyon ('hyperallergy') sa kagat ng langgam na ito ay maaaring magdulot sa kanila ng 'anaphylactic shock'.

Ang mga alaga at ligaw na hayop ay hindi ligtas sa kagat ng maliit na kuwitib'. Kadalasan kung mapadpad o maligaw ang mga hayop sa pook na sinalanta o pinamamahayan ng langgam na ito ay malamang na makagat sila ng paulit-ulit sa mata at siyang magiging dahilan ng tuluyan nilang pagkabulag. Maaring din namang ikamatay ng mga paslit na hayop at ng mga bagong ipinanganak ang kagat nito. Ang langgam na ito ay kumakalat sa iba't-ibang lugar sa pamamagitan ng paglilipat-lipat ng mga halamang naka-paso, mga bagay na gamit sa paghahalaman, mga nabubulok na basura, at iba pang uri ng basura.

### Ang tulong ninyo ay mahalagang-mahalaga!

Ang lahat ay pinakikiusapan na suriin at masusing tingnan ang kanilang bakuran at ari-arian para malaman kung ito ay pinaninirahan na ng mga maliit na kuwitib. Ang bagong tuklas na pananalanta ay kailangang ipagbigay-alam kaagad sa Kawanian ng Pagsasaka ng Hawaii (Hawai'i Department of Agriculture o HDOA) sa pagtawag sa 643-PEST (643-7378), o HDOA sa Hilo (16 E. Lanikaula St.) na may telepono bilang (808) 989-9289.

### Meron bang Maliit na Kuwitib sa inyo? Gawin ang mga sumusunod para malaman:

**Una:** pahiran ng 'peanut butter' ang dulo ng ilang patpat. (manipis lamang at huwag kapalang ang pahid sa patpat).

**Pangalawa:** Ikalat ang mga patpat na may 'peanut butter' sa paligid ng inyong bakuran, gaya ng lugar na may lilim, sa halamanan, at yung malapit sa puno. Balikan ang mga patpat makalipas ang isang oras.

**Pangatlo:** dahan-dahang pulutin ang mga patpat na may langgam — ingatan para hindi mangahulog ang mga langgam bago ilagay ang patpat sa isang plastik na lagayan na maaaring isara. Maraming uri ng langgam ang naaakit sa 'peanut butter', kaya para makasiguro ay alamin kung ang mga sagot sa sumusunod na katanungan ay makikita sa langgam ninyong pinulot:

- Ang kulay ba nila ay pulang-kahel? Ang langgam ay hindi maliit na kuwitib kung sila ay kulay kayumanggi o itim.
- Mas maliit ba sila sa 1/16 na pulgada (kung ano ang kapal ng isang sentimo)? Hindi sila maliit na kuwitib kung sila ay mas malaki sa 1/16 na pulgada.
- Mabagal ba silang kumilos, at madali bang mahulog ang karamihan sa kanila kapag ang patpat ay tinapik? Hindi sila maliit na kuwitib kung hindi sila nahuhulog kaagad-agad.

**Pang-apat:** Kung masasagot mo ng OO ang LAHAT ng mga katanungang ito ay maaaring mayroong nang maliit na kuwitib sa inyo. Kung magkagayon ay selyohan ang plastik na pinaglagyan, isulat ang pangalan at bilang ng inyong telepono dito, at iwan ang pinaglagyan sa freezer ng inyong refrigerator ng magdamag para patayin ang mga langgam. Makipag-ugnayan sa HDOA sa telepono at lunan (address) na ibinigay sa itaas. Huwag maglilipat ng buhay na langgam!

Para sa karagdagang ulat tungkol sa mga maliliit na kuwitib, tunghan ang [www.ctahr.hawaii.edu/oc/freepubs/pdf/ip-ifa.pdf](http://www.ctahr.hawaii.edu/oc/freepubs/pdf/ip-ifa.pdf). Ang mga sanggunian sa pagkilala ng maliit na kuwitib ay matatagpuan sa [www.littlefireants.com](http://www.littlefireants.com) o sa [www.hawaii.edu/ant/docs/ID/WNWKey.html](http://www.hawaii.edu/ant/docs/ID/WNWKey.html).



Ang kagat ng maliit na kuwitib ay maaaring makabulag sa mata ng mga alagang hayop.



Gustong-gusto ng maliit na kuwitib ang paing 'peanut butter' sa patpat